**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 6, 1-11




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Tinig ng kultura ng mga Sebwano: Dekonstrukstibong pananaw sa pamumuhay

Gastador, Angelie U. ✉
*Cebu Normal University (Main Campus), Philippines (rodatsaggelie@gmail.com)*
Vistas, Jazelyn G.
Auxtero, Joycel R.
Cabulao, Jenecel C.
Calago, Shella Mae M.
Castillano, Sheila Marie C.
Alvarado, Elsie T.

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26801

***Abstract***

This study examined selected folk songs from Southern Cebu to reveal the deconstructive perspective on the way of life of the Cebuano. It sought to answer the following research problems: (1) the symbolism and representation found in the songs; (2) the cultural domains reflected; (3) the collective values expressed; and (4) the perspectives of the people manifested in the lyrics. The study employed a qualitative research design using a descriptive approach, specifically content analysis in examining the selected folk songs. The findings revealed that the voice of culture is strongly conveyed through symbolism and representation rooted in faith, behavior, and the bitter experiences of individuals. Human emotions emerged as the dominant medium of meaning in the songs. Different cultural domains were identified, namely: moral culture, social culture, religious culture, and lifestyle culture. The collective values that emerged pertain to relationships, customs and practices, morality, livelihood, and faith, with moral values being the most dominant. The perspectives expressed in the songs relate to life experiences, love, conduct and behavior, duties and responsibilities, culture, tradition, and beliefs. In general, the folk songs of Southern Cebu reflect the people's values, perspectives, and way of life and give voice to their culture, beliefs, experiences, traditions, and practices. The study recommends further analysis of the image of Cebuano culture embedded in folk songs to deepen understanding of their cultural identity.

***Keywords:*** deconstructive perspective, folk songs, collective values, cultural domains, symbolism

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Tinig ng kultura ng mga Sebwano: Dekonstrukstibong pananaw sa pamumuhay

## 1. Abstrak

Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga piling kantahing-bayan ng Cebu at mapalitaw ang dekonstruktibong pananaw sa pamumuhay ng mga Sebwano. Binigyang kasagutan ang mga tiyak na suliranin; (1) pagsasagisag at representasyon; (2) kulturang domeyn; (3) kolektibong pagpapahalaga at; (4) pananaw ng mga mamamayan. Ginamit ang kwalitatibong pananaliksik sa pamamaraang deskriptibo partikular na ang kontent analisis sa pagsusuri. Natuklasan, ang tinig ng kultura ay ipinapalamas sa tulong ng pagsasagisag at representasyon ay batay sa pananalampalataya, pag-uugali at mapapait na karanasan ng isang tao, nangigibabaw naman ang damdamin ng tao; ang iba't ibang domeyn na naaayon sa kung anong kultura ito napapabilang sa lipunan at ito ay tinatawag na; kulturang moral, kulturang panlipunan, kulturang panrelihiyon at kulturang pamumuhay; ang kolektibong pagpapahalagang nabuo ay nagsasaad tungkol relasyon, panggawi, moral, kabuhayan, pananampalataya at nangingibabaw ang pagpapahalagang moral; ang namumutawing pananaw ay nauukol sa; karanasan sa buhay, pag-ibig, asal at gawi, gawain at responsibilidad, kultura, tradisyon at paniniwala. Ang mga kantahing-bayan sa Katimugang Cebu ay sumasalamin sa kanilang pananaw, pagpapahalaga at pamumuhay, at nagbibigay tinig sa kultura, paniniwala, karanasan, tradisyon, asal at gawi. Nirekomenda ng pananaliksik na ito na aralin ang imahen ng kulturang Sebwano na nakapaloob sa mga piling awitin.

***Mga Susing Salita***: dekonstruktibong pananaw, kantahing-bayan, kolektibong pagpapahalaga, kulturang domeyn, pagsasagisag

## 2. Introduksyon

Ang kantahing-bayan ay bahagi ng kultura na sumasalamin sa mga kasanayan at paraan ng pamumuhay tungo sa dinanas ng mga Pilipino noon. Anyong patula na nagsasalaysay ng makabuluhang kaisipan na nangyayari sa buhay ng isang tao, gawain, tradisyon at maging sa suliranin sa loob ng isang lipunan. Kagaya na lamang sa katimugang Cebu na may mga kantahing-bayan na nabuo dulot ng pagpapahayag sa kanilang mga damdamin at kaisipan bilang isang Sebwano. Tulad ng mga kantahing-bayan sa ibang lugar, ang mga awitin ng mga Sebwano ay siyang nagsisilbing salamin upang higit na maunawaan ang kanilang mga gawi o tradisyon sa kadahilanan na sa pamamagitan nito ay mas naipapahayag ang kanilang sariling karanasan.

Sa paglipas ng panahon ang mga kantahing-bayan ng mga Sebwano ay nagkaroon ng ugnayan sa kani-kanilang buhay hindi lamang tungo sa mga taong umaawit o gumagamit nito, pati na rin sa lugar kung saan ito umusbong bilang pagpapakita sa identidad ng isang lipunan. Ang kantahing-bayan ng mga Sebwano ay mga ekspresyon sa paraang pagkanta na nagpapakita sa pagiging isang Sebwano na nagmula sa mayamang nakaraan patungo sa kasalukuyan at hinaharap. Ngunit sa pag-usbong ng modernisasyon, unti-unting nawala ang kultura, pagkakakilanlan partikular na ang pagiging isang Sebwano, maging ang pagkawala ng dungawan na moral at tamang etika na ipapamana sa mga susunod na henerasyon. Pahayag ni Gutierrez na ang kantahing-bayan ng Visayan ay lumubog na sa karimlan dulot ng impluwensya sa mga kanluraning kultura, ideya at libangan. Napakalawak ng pagbabagong ito na ang mga katutubong kanta at ideya ay naisasantabi, nagiging isang paggunita na lamang ito sa nakaraan (106).

Sa kabilang banda, ito ay tumutugon sa atas ng *National Commission on Culture and the Arts* sa mandato nito na RA 7356 na binigyang-diin ang pangangailangan sa pagpapanatili ng mga rehiyonal na kultural. Sa pag-ukit sa nilalaman ng mga kantahing-bayan ay kasabay ang pag-alam sa lipunang kinabibilangan at pagpapanatili sa mga kultura nakapaloob maging sa mga naging karanasan ng mga mamamayan tungo sa pagpapalitaw sa mga kantahing-bayan na may kaugnayan sa kultura ng mga Sebwano. Ang suporta mula sa pamahalaan at sa akademiko ay kinakailangan upang maipagtanto ang pagtatatag ng isang kantahing-bayan o

awiting-bayang museo at maipreserba at mapangalagaan ang mga awiting ito mula sa ating mga ninuno bago ito malilimutan. Hangad ng mananaliksik na mailahad at mapreserba ang nilalaman na kultura, pamumuhay, paniniwala, kaugalian o kaisipan na nakapaloob sa bawat mga kantahing-bayan, kalakip ang mga iba't ibang pagpapahalaga tungo sa kabuuang nilalaman ng kantahin.

***Layunin ng Pag-Aaral* -** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makalap at masuri ang tinig-kultural ng mga kantahing-bayan upang mapalitaw ang dekonstruktibong pananaw sa pamumuhay ng mga Sebwano. Tinitiyak sa pag-aaral na mabigyang kasagutan ang: (1) pagsasagisag at representasyon; (2) kulturang domeyn; (3) kolektibong pagpapahalaga at; (4) pananaw ng mga mamamayan.

## 3. Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong pananaliksik sa pamamaraang deskriptibo partikular na ang kontent analisis sa pagsusuri ng mga kantahing- bayan. Ang mga nalikom na mga kantahing-bayan ay binigyang-suri ang nilalaman batay sa pagsasagisag at representasyon, kulturang domeyn, kolektibong pagpapahalaga at pananaw ng mamamayan. Sa pamamaraan sa pananaliksik ang pagtuklas sa magiging kahulugan ng isang teskto ang magsisilbing pangunahing pag-aaralan. Sa pamamagitan nito ay nakita ang mensahe ng isang kantahing-bayan at ang nilalamang kaugalian, aral o kultura. Sa pagpili ng mga tagatugon sa pag-aaral, ginamit ang disenyong pakikipanayam para sa pagkuha ng mga impormasyon na galing sa mga magiging kalahok sa pananaliksik. Sa paraang pakikipanayam na may bahagyang nakabalangkas, nakapaloob ang pagbibigay ng mga katanungan na inihanda ng mga mananaliksik ukol pag-aaral. Mula sa mga pangunahing tanong sa pakikipanayam ay ang ilang mga *follow-up questions* bilang paglilinaw ng mga mananaliksik sa kanilang mga kasagutan.

***Instrumento ng Pananaliksik* -** Gumamit ng talatanungan sa pagkalap ng mga datos. Ito ay may sampung (10) katanungan, ang mga kalahok ay walang limitasyon at malaya sa pagsagot. Gumamit ng mga kagamitang *voice recorder* at *video recording* sa *cellphone* para sa pagrekord ng mga kantahing-bayan habang inaalala, ipinapahayag, binibigkas o inaawit ng mga tagatugon kasabay ng pagtatala. Sa pagsasagawa ng malinaw na pagsusuri ay gumamit ng talahanayan na naglalaman ng mga nalikom na kantahing-bayan na sinuri at binigyang kahulugan ng mga mananaliksik batay sa mga suliranin at datos na nakalap kalakip na ang pinagbatayang teorya sa pagsusuri.

## 4. Resulta at Pagtatalakay

### *4.1 Pagsasagisag at Representasyon*

Ang unang bahagi ay pagsasagisag at representasyon na kung saan sinuri at binigyang-kahulugan sa pamamagitan ng paglirip sa mga salita, termino, o parirala na nagpapakita ng pagsasagisag batay sa konotasyong kahulugan at sa pangatlong hanay naman ang mga representasyon ng mga salita. Gamit ang konotasyong kahulugan, inilalahad ang pagsasagisag at representasyon na malilirip sa mga kantahin na nauugnay sa kultura ng Sebwano. Makikita sa talahanayan 1 ang mga pagsasagisag at representasyon na malilirip sa mga piling kantahing bayan na kakikitaan ng kanilang iba't ibang gawi, karanasan at pamumuhay. Sinuportahan naman ni Lippman, na ang simbolismo ay isang uri ng karanasan at isang uri ng ugnayan na ipinakita ng musika (554). Ang pagrepresenta sa kanta ay isang pagbubunyi sa lipunan na nagsisilbing gamit sa sariling ekspresyon, kolektibo o indibidwal.

***Nagpapalabas ng emosyon* -** Mula sa kantahing-bayan na "Ako ang Tigulang", may salitang "luha" na may iba't ibang kahulugan ng mga Sebwano sa pang-araw-araw na pamumuhay. Masasalamin ito sa linyang, "Daligdig mga luha ko" na bawat patak ng luha sa mata ay may paghihirap na dinaranas ng isang tao na inilabas sa pamamagitan ng pagluha at upang magkaroon ng enerhiya kapag mailuha ang lahat na paghihirap na pinagdaanan ng tao. Ayon nga kay Boo na ang mga luha ay nagpapadalisay sa emosyon ay nagbibigay-daan sa daloy ng nakapagbibigay na enerhiya (70). Ito ay binigyang pagsasagisag na "nagpapalabas ng emosyon",

nagpapakita ng iba't ibang nararamdaman kaugnay sa mga pangayari ukol sa mga karanasan sa buhay katulad ng masasakit at masasaya na naramdaman katulad ng iba't ibang pamumuhay ng Sebwano na nagpapahiwatig sa linyang: *Ang kasakit, ihangad lang sa langit (Linya 2-3).* Sa representasyon ay "nagpapagaan ng nararamdaman" ito ay maibsan ang mga pangyayari sa buhay at napapagaan ang mga masasakit na nararamdaman ng tao dahil naipapalabas nito ang kanilang iba't ibang karanasan. Ito ay ibinahagi sa linyang: Katulog ug pagdamgo lang, hingkalimti ang tanan (Linya 13-14). Dagdag pa dito, ayon sa mga tagatugon; *Nagpahungaw sa problema, ikanta nalang namu ang mga problema at kanta kini sa dinaugdaug, aw natural madupay-dupay, ang imong kaguol mahuwasan ginagmay. Ang imong kaguol imo nalang e kanta.*

**Talahanayan 1**
*Pagsasagisag at Representasyon*

| Mga Kantahing-bayan | Salitang Nilirip | Pagsasagisag | Representasyon |
|---|---|---|---|
| *Walang Pamagat* | pinahapsay (*maayos*) | wastong pag-uugali | pagkakaroon ng kaayusan |
| *Kapait* | luha (*luha*) | nagpapalabas ng emosyon | nagpapagaan ng nararamdaman |
| *Ako ang Tigulang* | tigulang (*matanda*) | nakaraan | panahon na lumipas |
| *Ang Mesitas* | mesitas (*halaman*) | kalikasan | pamumuhay |
| *Sa Akong Kabatan-on* | handumanan (*alaala*) | alaala | paggunita sa nangyari sa nakaraan |
| *Ang kaanyag mo* | Maria (*maria*) | sandalan | seguridad at payapa ang damdamin |
| *Gilimbongan* | pagkapait (*pighati*) | kasawian at pagdadalamhati | malungkot na pag-iibigan |
| *Paabutang kadlawon* | kangi-ob (*karimlan*) | pagsubok | pagiging matatag |
| *Saad* | milaum (*pag-asa*) | pangako | pagtitiwala |
| *Ay Nanay* | Nanay (*ina*) | gumagabay | pinagmulaan ng kaalaman at inspirasyon |

***Kasawian at pagdadalamhati* -** Sa kantahing-bayan na "Gilimbongan" naman ay nakaangkla sa karanasan ng isang tao, nakikitaan na ito ay dulot ng kanilang nararanasan sa buhay at pang-araw-araw. Binanggit ito nina Poggi at D'Errico ang pagkapait ay isang negatibong emosyon na pagalit at kalungkutan (1). Binigyang pagsasagisag bilang kasawian at pagdadalamhati na maging malapit sa kahulugan sa salitang pagkapait o paghihirap na mababasa sa liriko na *Pagkapait sa gi balos mo* mararamdaman mo talaga na may pinagdadaanan ang isang tao na napakabigat sa kanyang kalooban. Malungkot na pag-iibigan ang naging representasyon na nakabatay sa linyang *Nga kalit kalang nabalhin* tinuturing na napakasaya ng buhay pag-ibig ngunit kapalit nito ang masasakit at malulungkot na mga karanasan at damdamin.

***Pagsubok* -** Para naman sa kantahing-bayan na "Paabutang Kadlawon" ang salitang kangi-ob ay isang pangyayari sa buhay ng mga tao na nahihirapan at kinakailangan na magiging matatag. Ang mga Sebwano ay likas na matatag sa ano mang hamon ng buhay na kanilang hinaharap at napapagtagumpayan. Sinaad ni Hechanova ang kangi-ob ay ginagamit pagpapakahulugan sa bayanihan sa isang bansa, na may kaugnayan espiritwalidad ng mga Pilipino (2). Pagsasagisag na pagsubok bagkos ito ang naging batayan sa lirikong Sa gi-antos mong kangitngit lahat ng bagay ay may solusyon at matatagumpayan ang bawat pagsubok sa buhay. Ito lamang ay instrumento para magiging matatag angg isang tao na naging representasyon sa pag-aaral mapapansin sa linyang Pailob, paabuta lang ang kadlawn.

*4.2 Kulturang Domeyn*

Inilalarawan sa talahanayan na ito ang kulturang domeyn na nagsasaad ng iba't ibang mga naging karanasan o kultura ng mga Sebwano tungo sa bawat kantahin na sinasalamin ang kanilang mga naging ugali, gawi, at pamumuhay. Habang maiuugnay sa kultural na domeyn tungo sa paraang pagkakategorya sa pakikipag-ugnayan ng tao, mga paniniwala at ang bawat kulturang ibinahagi. Matutunghayan sa mga kantahing bayan ang iba't ibang pangyayari sa buhay na may kaugnayan sa nakasanayan at kinamulatan ng mga mamamayang Sebwano.

**Talahanayan 2**
*Kulturang Domeyn*

| Mga Kantahing-Bayan | Kulturang Domeyn |
|---|---|
| | KULTURANG MORAL |
| *Walang Pamagat* | *Gitugon ako ni nanay<br>Akong buhok na pinahapsay (Linya 2-3)* |
| *Kapait* | *Ang duha ko ka lusok nga luha<br>Duha ka handumanan Nga dili hingkalimtan<br>Magpailob lang Kay pagboot sa palad<br>Katulog ug pagdamgo lang<br>Hingkalimti ang tanan (Linya 8-14)* |
| *Gilimbongan* | *Matod mo, gilimbungan mo<br>Ngano bang gilimbungan mo<br>Gibudhian mong pagsalig ko<br>Pagkapait sa gi balos mo<br>Sa putling gugma ko (Linya 1-5)* |
| *Paabutang Kadlawn* | *Niining gabie nga mamingaw<br>Naglakaw ka nga nag-inusara<br>Waka'y makita wa'y masangpit<br>Kay nagun-ob naman ang langit mo<br>Ug sa imong pagpukaw<br>Luha, luha da gyuy kadangpan<br>Wa'na'y mo lingi wa'y malooy<br>Kay nagun-ob na ang langit mo (Linya 1-8)* |
| *Saad* | *Kay misaad man ikaw nga adto kita magkita<br>Misalig ako ug milaum nga unta muabot ka<br>Nisalop na lang ang adlaw ambot hain kara<br>Hangtud ning kagabhion nagpaabot ako (Linya 2-5)* |

Masisilayan sa talahanayan 2, ang nangingibabaw na mga kulturang domeyn mula sa sampung kantahing bayan na nakalap, ay ang kulturang moral at kulturang panlipunan. Pinapakita sa kulturang domeyn ang iba't ibang bahagi ng kulturang umusbong sa lipunan gayundin ang mga iba't ibang pagpapahalagang nakaukit sa bawat kantahing bayan na lumitaw sa pagiging isang Sebwano. Ayon nina Vegafria at Calibayan sa kanilang pag-aaral na ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga awiting bayan ay; pagpapahalagang panlipunang nauugnay sa pagkakaibigan, kahalagahan ng magulang at edukasyon; panrelihiyon/ispiritwal na may kaugnayan sa pagsunod o pagsabuhay sa mga utos at aral ng Diyos; ekonomikal na nagbibigay-diin sa pagbibigay halaga sa trabaho/ kabuhayan at paghahayupan; pagpapahalagang moral na may kaugnayan sa pagmamahal ng anak sa magulang, pagkamatiisin, pagkamatatag, pag-ibig, pagpaparaya, paggawa nang mabuti sa kapwa at pagmamahal ng magulang sa anak (83).

***Kulturang Moral -*** Ang kulturang moral ay isang partikular na uri ng mga domeyn tungo sa mga pagpapakita ng naging iba't ibang kultura ng mga Sebwano. Isinaad dito ang iba't ibang ideya at damdamin ukol sa mga dinaranas sa pang-araw-araw na buhay dulot sa lipunan na kanilang ginagalawan. Ayon kay Nnamani, ang mga kantahin ay maaaring tawaging isang bagay na ginagamit sa pagpapahayag o isang sining na siyang pangunahing paraan ng mga tao tungo sa mga iba't ibang sitwasyon sa buhay kagaya na lamang kapag sila ay maaaring nasa panahon ng krisis, pagiging tahimik at mahinahon, tungo sa pagtratrabaho o paniniwala, pakikipaglaro o sa paglaban sa buhay at ang mga libangan o pagmuni-muni. Ang bawat kantahin ay nagkaroon ng bahagi sa buhay ng mga tao na na kung saan ay ito ang kanilang paraan upang gamitin ang mga musika sa pakikipag-usap, paggalaw, magpahayag ng mga emosyon at ideya, maging sa kanilang pakikibaka tungo sa pagkakaroon ng pagkakaisa (5).

Sa kulturang moral makikita ang limang kantahing-bayan na isinaad sa talahanayan na “Walang pamagat”, “Kapait”, “Paabutang kadlawon”, “Gilimbongan” at “Saad”, nakapaloob sa bawat kantahin ang iba't ibang karanasan ng mamamayang Sebwano na sinuri at ginamit ang mga pinagbatayan na mga linya. Nakapaloob sa mga binanggit ang mga dinaranas katulad ng mga masasalimuot na pangyayari sa buhay, masasakit na pighati, pagkasawi sa pag-ibig at lubusang pagtitiwala, mga pagsubok at mga mapapait na pakikipagsapalaran sa araw-araw.

Makikita sa kantahing-bayan na walang pamagat ang naging karanasan ng mga Sebwano sa pagkakaroon ng tamang gawi, ugali at asal. Matutunghayan ang paraan ng mga Sebwano kung papaano magkaroon ng tamang gawi at pag-uugali sa iba't ibang bagay. Sa mga linya ay ipinapakita na ginagamit ng mga Sebwano ang mga kantahin upang ilahad ang kanilang mga naging iba't ibang kaugalian na naging bahagi sa kanilang buhay at sa pakikipagkapwa-tao. Dulot na rin sa kung ano ang makikita sa kanilang kapaligirang ginagalawan na siyang nagkaroon ng impluwensiya tungo naging kaugalian sa isang lipunan.

Sa kantahin na "Kapait" ay pinapahiwatig ang pagiging matapang at matatag ng mga Sebwano sa kabila ng problemang kinakaharap sa buhay. Mapapansin ang mga iba't ibang dinaranas ng mga Sebwano sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, na ang kanilang nararanasan ay mga masasalimuot, kabilang na ang mga paghihirap sa mga bagay na idinadaan na lamang sa pag-iyak upang maibsan ang sakit na nararamdaman. Sa pagkanta na lamang ito ipinapalabas na naging bahagi sa kanilang pagkatao at bilang pagpapakita sa kanilang pagiging matatag ay minsan kinakalimutan na lamang ito at ibabaling sa ibang bagay ang atensyon.

Ang kantahing-bayan naman na "Gilimbongan" ay tumutukoy sa pangyayaring hindi maiiwasan ng mga tao. Matutunghayan ang mga naging karanasan ng mga Sebwano dulot ng pagkasawi sa pag-ibig at ang pagkakaroon ng iniibig na dahilan sa sakit at pighating nararamdaman. Ang mga Sebwano ay sadyang masayahin at lubos na mapagmahal na kung saan sa pamamagitan ng kanta at pagharana ay ipinapakita ang kanilang matapat na damdamin ngunit sa di katagalan ng kanilang relasyon ay hindi maipagkakaila na susubukin ito dulot sa mga iba't ibang hamon sa pagmamahalan.

Sa kantahing-bayan na "Paabutang kadlawon" ay tungkol sa pagiging matiisin ng mga mamamayang Sebwano dulot ng mga iba't ibang dinaranas na mga pagsubok sa pakikipagsapalaran sa buhay na mag-isang hinarap. Tungo sa mga naging linya sa kantahin ay nagpapakita sa mga bagay na kahit pilit itong tinatakasan ay hindi parin makawala sapagkat dulot ng mag-isa itong nilalabanan at tanging sa pag-iyak na lamang ang paraan para maibsan ang sakit na nararamdaman.

Para sa kantahing-bayan na "Saad" pinapahiwatig ang mga karanasan ng mga Sebwano sa pagkasawi sa isang masakit na pangyayari dahil sa lubos na pagtitiwala sa kapwa. Mababatid na ang mga Sebwano ay nakakaranas ng mga pangyayaring hindi ka nais-nais dulot ng lubos na pagtitiwala sa kanilang kapwa dahil sa pangakong binitawin ngunit hindi natupad. Isinasaad sa kantahin ang personal na bagay sa buhay ng mga Sebwano na kung saan hindi maiiwasan na makaramdam ng pighati mula sa mga pangakong napako dahil na rin sa mga taong nangangako.

Bilang kabuoan, ang bawat kantahing-bayan ay naglalaman ng iba't ibang mga domeyn sa lipunan na kung saan ang nangingibabaw na domeyn ay ang kulturang moral na nagpapakita sa iba't ibang ideya na kadalasang dinaranas sa buhay ng mga Sebwano. Mahihinuha na ang kantahing-bayan ng mga mamamayang Sebwano ay naging bahagi na ng kanilang pagkatao dahil ito ang nagsisilbing kanilang mahahalagang repleksiyon kung saang bahagi sila nabibilang sa loob ng isang lipunan at sumasalamin sa mga iba't ibang pangyayari at karanasan sa kanilang buhay bilang isang Sebwano.

### *4.3 Kolektibong Pagpapahalaga*

Ito ay may ugnayan sa relasyon sa kapwa, relihiyon, paniniwala at karanasan na pinapakita sa kaugalian, at katangian ng mga Sebwano. Masisilayan dito kung ano ang konsepto o implikasyon ng pagpapahalagang umiiral sa mga Sebwano gamit ang kantahing-bayan. Ang kolektibong pagpapahalaga ay may ugnayan sa relasyon sa kapwa, relihiyon, paniniwala at karanasan na pinapakita sa kaugalian, at katangian ng mga Sebwano. Masisilayan dito kung ano ang konsepto o implikasyon ng pagpapahalagang umiiral sa mga Sebwano gamit ang kantahing-bayan. Sa pagtatalakay ni Cabajar na ayon sa sikolohista, isiniwalat ang anumang bagay na iyong naiibig  pagkamangha, nagbigay inspirasyon, kasiya-siya sa pakiramdam at kapaki- pakinabang ay isang pagpapahalaga (5).

**Talahanayan 3**
*Kolektibong Pagpapahalaga*

| Mga Kantahing-Bayan | Kolektibong Pagpapahalaga |
|---|---|
| | Pagpapahalagang Moral |
| *Kapait* | *Kapait, kalisod sa palad ko intawon,<br>Ang mga kasakit,<br>Ihangad lang sa langit<br>Moabot da unya,<br>Ang buntag sa himaya,<br>Daligdig mga luha ko,<br>Nga nagbanlas ning tanan (Linya 1-7)* |
| *Gilimbongan* | *Ngano ba o pinangga ko<br>Nga kalit kalang nabalhin<br>Nga unta nag-amping man ako (Linya 6-8)* |
| *Paabutang Kadlawn* | *Sa gi-antos mong kangitngit<br>Kanimo may ganting magpaabot<br>Busa palabya ang kangitngit Pailob,<br>paabuta lang ang kadlawn (Linya 13-16)* |
| *Saad* | *Misalig ako ug milaum nga unta muabot ka<br>Nisalop na lang ang adlaw ambot hain kara<br>Hangtud ning kagabhion nagpaabot ako<br>Kon kanus a motungha ikaw akong pinangga (Linya 3-6)* |
| | Pagpapahalagang Panggawi |
| *Ako Ang Tigulang* | *Ako ang Tigulang<br>Tigulang nga gamay-gamay<br>Minus ang pamiste<br>Dili ika angay Bisan unsaon ko<br>Ang pamagkiay-kiay<br>Mao ra gihapon<br>Ang akong pagka- gamay (Linya 1-8)* |
| *Sa Akong Kabatan-on* | *Sa Akong Kabatan-on<br>Tugob sa handumanan (Linya 1-2)<br>Apan ang kabatan-on sa kagahapon lumalabay lamang (Linya 10)* |

***Pagpapahalagang Moral -*** Isa sa mga pagpapahalagang ginagampanan ng mga Sebwano ay pagkakaroon ng kabutihang loob sa kapwa at pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay. Lumilitaw dito ang mga ideya na may kinalaman sa pag-uugali at layunin sa pakikipagkapwa tao. Lumabas na ang isa sa pagpapahalaga ng mga Sebwano ay ang pagpapahalagang moral. Ito ay positibong pag-uugali ng mga Sebwano na kung saan nagiging matatag sa anumang dagok ang naranasan nila sa kanilang buhay. Isa sa magandang halimbawa ay ang kalamidad na dumating sa Cebu na kung saan masisilayan sa kanilang mga mukha ang pag-asa at pagsisikap na bumangon, namumutawi ito sa kantang “Kapait” at “Paabuta ang Kadlawon”. Sa pag-aaral nina Lagahid at Puyo na ang pagiging positibo ng mga Sebwano ay binabalikan nila ang kanilang mahirap na sitwasyon at ito ang kanilang inspirasyon para magsumikap at magkakaroon ng pag-aasa (76). Ang pagiging mapaglinlang ay isa sa negatibong pag-uugali ng ilan sa mga Sebwano. Kahit na ang mga Sebwano ay matatag at matapang mayroon din pagkakataon na sila ay nalulugmok at naihayag ito sa kantang “Gilimbongan at Saad”. Mauugnay dito ang inilahad ng isang tagatugon na, ang kaguol ikanta nalang (T3), mababatid na ang pag-uugali at pagkahilig sa kanta ng mga Sebwano ay may malaking ugnayan sa kanilang damdamin na nais ipahayag.

***Pagpapahalagang Panggawi -*** Hindi maitatanggi na mayaman ang mga Sebwano sa pagsulat ng mga kantahing-bayan. Ang pagpapahalaga sa panggawi ay isa rin sa nangingibaw sa mga Sebwano. Nakitaan na mayroong positibo at negatibong pag-uugali ang mga Sebwano, ito ay ang pagtanggap kung ano ang kinagisnan nilang buhay. Ilan sa mga Sugbu-anon ay pinagpapatuloy kung ano ang namulatang buhay, katulad na lamang kung sila ay namulat sa hirap mas pinipili nilang magtrabaho kaysa mag-aral. Nakitaan ito sa kantang “Ako ang tigulang” na may bahid na pagsisisi sa mga panahong hindi nagawa ang mga nais gawin. Makikita rin ang positibong pag-uugali ng mga Sebwano ang pagiging masayahin at mabuting pakikipagkapwa ng mga Sebwano. Nakaayon ito sa kantang “Sa Akong kabatan- on”, ano man ang balakid na dumating sa kanilang buhay, abot tainga pa rin ang kanilang ngiti. Mahihinuha na malaki ang epekto ng kantahing-bayan sa mentalidad ng mga Sebwano na kung saan nababawasan ang lungkot ng kanilang nararamdaman. Pahayag naman sa tagatugon ng

mga mananaliksik na ang awiting ito ay, Nagpahungaw sa problema, ikanta nalang namu ang mga problema (T9), ang kantahing ito ang kanilang sandalan upang maging matatag ang kanilang kalooban at matanaw na mayroong hangganan ang kanilang pighati.

Sa pangkalahatan, ang namumutawing kolektibong pagpapahalaga ay may malaking implikasyon sa pinapakitang pagpapahalagang moral ng mga Sebwano tungo sa mga kantahing-bayan na sa pag-aaral ay malaki ang ugnayan ng kantahing bayan tungo sa lipunan na naging salamin sa pagpapahalaga ng isang relasyon, panggawi, moral, kabuhayan, at pananampalataya. Maging ang kahalagahan ng mga Sebwano sa pag-awit dahil naipapamalas nila ang kanilang kakayahan na magbahagi ng karanasan o damdamin tungo sa mga liriko. Kaya ang mga Sebwano ay may angking katangian sa pagpapahalaga sa panitikan at kultura ng isang bayan na kahit kailanman ay hindi mawawala sapagkat repleksyon na ito ng kanilang pagkakakilanlan.

### *4.4 Dekonstruktibong Pananaw sa Pamumuhay ng mga Sebwano*

Ang dekonstruktibong pananaw sa pamumuhay ng mga Sebwano ay iba't ibang pananaw ng mga tagatugon ukol sa pagkakaunawa at karanasan na masasalamin sa mga kantahing-bayan. Kinuha ang mga nangingibabaw na tema mula sa mga kantahing-bayan ng mga mananaliksik, matapos ay ang pagbuo ng pananaw na nakabatay sa nangungunang pananaw ng mga tagatugon sa sampung kantahing-bayan.

**Talahanayan 4**
*Dekonstruktibong Pananaw sa Pamumuhay ng mga Sebwano*

| MGA KANTAHING-BAYAN | PANANAW NG TAGATUGON |
|---|---|
| Walang Pamagat | Wastong asal at ugali<br>*Sa disiplina, karun bisag unsag disiplina ang mga bata gahi nag ulo (*T8).<br>*Napahinumdum sa sauna, kami manahood jud me sa among ginikanan, nay respeto ug alas 6 inig bagting sa kampana maghunong ug mangadye* (T9). |
| *Kapait* | Karanasan at gabay sa problema<br>*tambag ni siya sa mga problema* (T2).<br>*Ang kanta, nagpagaan kini sa problema nga gibati* (T8).<br>*Nagpahungaw sa problema, ikanta nalang namu ang mga problema* (T9). |
| *Ako ang Tigulang* | Lumipas na kabataan<br>*Kalipay ang bation sa kanta, makabalik ta kaniadtung manguma ta karon dili na kay tiguwang na wala na* (T8).<br>*Mabalikan nato ang kaniadtong bata pata* (T9). |
| *Ang Mesitas* | Pagtatanim mula sa puso at ito ay parte ng kultura<br>*Diyas ni siya, magkanta ka ug ikaw ra usa, mag diyas diyas. Para sa pagtanom ug mesitas sa ilalom sa kasing-kasing ang kanta.* (T3).<br>*Sauna magkanta kanta mananom ug mais usa mu skwela magtan aw sa adlaw* (T6).<br>*Ang kanta naay kultura, dili gyud na mabiya* (T6). |
| *Sa Akong Kabatan-on* | Kasiyahan sa panahon ng kabataan at kagandahan ng tradisyon sa panliligaw<br>*Mahinumduman nako ang kabatan-on, sa akong kabatan-on ug walay kagul anan (T3).*<br>*Kansyon ni, mga dalaga kaniadto*<br>*haranahan ka, magtubag-tubag an laki ug*<br>*babaye, haranahan ta ba, mao kalipay lang (T3).* |
| *Ang Kaanyag Mo* | May pag-asa sa pananalig at paniniwala sa Birheng Maria<br>*Paagi sa gibati, pagsalig kang Maria nga manalipod sa katalagman (T7).* |
| *Gilimbongan* | Hindi nalilimutan ang kabiguan sa pag- ibig<br>*Pahinumdum sa bigo sa gugma (T8).*<br>*Makahinumdum ta sa sakit (T8).* |
| *Paabutang Kadlawon* | Puno ng hirap at sakit ang buhay<br>*Lipay-lipay lang unya lami e hilak, hilak nalang sa tago (T2).*<br>*Nagpahinumdum kini sa kasakit (T1).*<br>*Mobalik nato ang naagiang kasakit (T10).* |
| *Saad* | Pagbabago ng nararamdaman at Paalala sa mga kalungkutan<br>*Malungkot man, tanggapin nalang natin na lahat ng bagay ay magbabago (T1).*<br>*.. nagpasabot nga dili nato matag an ang*<br>*panahon (T3).*<br>*Nagpahinumdum sa atong mga mahal (T6).*<br>*ang kanta ay mayroong masakit na pangyayari (T8).* |

| | |
|---|---|
| *Ay Nanay* | Kahalagahan sa pagkatuto ng responsibilidad at gawain ng isang ina<br>*Ang mga kabatan-on, dapat nila makat-on o makabalo gud sila sa pamaagi sa usa ka inahan (T8).* |

Inilalahad sa talahanayan 4 ang dekonstruktibong pananaw ng mga Sebwano sa sampung kantahing-bayan. Ang mga nangingibabaw na pananaw ay ang karanasan sa buhay, pag-ibig, asal at gawi, gawain at responsibilidad, kultura, tradisyon at paniniwala. "Ang musika ng isang tao ay isang bagay na sila, sa panahon at pagkatapos ng paggawa ng musika at pagkaranas ng musika" (Elliot 12). Sa paghugot ng mga tema sa mga kantahing-bayan at pag-ugnay nito sa pananaw ng Sebwano ay matutuklasan ang kanilang pagkakilanlan, karanasan, at pamumuhay.

***Karanasan sa buhay -*** Ang nangungunang dekonstruktibong pananaw sa kantahing-bayan ang tungkol sa karanasan sa buhay. Ang kantahing-bayan na, “Kapait” ay ukol sa pait at paghihirap na dinadanas ng tao. Ang pananaw ukol sa karanasan at gabay sa problema ay makikita sa linyang:

*Kapait kalisod sa palad ko intawon (Linya 1);*

*Moabot ra unya*

*Ang buntag sa himaya (Linya 4-5) at;*

*Katulog ug pagdamgo lang,*

*Hingkalimti ang tanan (Linya 13-14)*

Nagpapakita sa hirap at problemang nararanasan ng tao, ipinapahiwatig na darating din ang umaga at lilipas rin ang paghihira. Ayon sa pananaw ng T2, *tambag ni siya sa mga problema*. Ito ay ginawang gabay ng mamamayan upang mapagtagumpayan at malampasan ang problemang nararanasan o hinaharap, nasasalamin ang sariling sitwasyon at nagiging gabay ang mensahe ng kanta. Dahil ang kantahing-bayan ay naglalaman ng sitwasyon kung saan nararanasan rin ng iba. Ito ay isang panlipunang mensahe upang magbigay-alam at maibahagahi sa lipunan. Sa kabilang banda, ang himig nito ang siyang nagpapagaan ng nararamdaman. Ayon sa T8, *ang kanta, nagpagaan kini sa problema nga gibati,* kaugnay naman ito sa pananaw ng T9 *Nagpahungaw sa problema, ikanta nalang namu ang mga problema.* Isinaad ni Brault, na ang mga kompositor ng mga kantahing-bayan ay mayroong aral na makukuha at ito ay nilalapatan ng simpleng himig na maaaring awitin ng sinumang tao (3). Naging instrumento para sa mga Sebwano ang kanta sa pagpapalabas ng problema at nagiging gabay sa mga karanasan.

Ukol sa karanasan sa buhay parin ang kantahing-bayan na “Ako ang Tigulang”. Nangingibabaw dito ang pananaw sa lumipas na kabataan. Ayon kay T8, *Kalipay ang bation sa kanta, makabalik ta kaniadtung manguma ta karon dili na kay tiguwang na wala na.* Dagdag naman ng T9, *Mabalikan nato ang kaniadtong bata pata*. Mahihinuha dito ang pagtanggap ng katandaan at paglipas ng panahon ng kabataan at tanging naaalala na lamang ang mga karanasan sa buhay. Masasalamin ito sa linya ng kanta na:

*Minus ang pamiste*

*Dili ika angay Bisan unsaon ko*

*Ang pamagkiay-kiay Mao ra gihapon*

*Ang akong pagka-gamay (Linya3-8)*

Nagsasabi ukol sa buhay ng matatanda na hindi na angkop para sa kanila ang mga kilos at gawain ng kabataan. Ipinapahiwatig ang katotohanan na, ang kabataan ay lumilipas, kahit na ano ang gagawing pagbabago

sa kasootan at kilos ay hindi mapipigilan ang pagtanda. Maiintindihan na ang kantahing-bayan ay nagsisilbing talaan ng mga pangyayari sa buhay at karanasan na kung saan binabalikan at inaalala na lamang. Sinabi naman ni Udaya, sa pagbuo ng mga musika nakaangkla sa mga awitin ang buhay ng isang tao gaya ng kanilang mga karanasan, mga emosyon at mga sentimyento sa kadahilanan na ang mga musika ay nagpapakita sa pagkakaugnay nito sa isa't isa na siyang binibigyan ng mga pag-unawa patungkol sa mga katutubong pagkakakilanlan (1). Isa sa mga sentimyento ng mga Sebwano ang lumipas o mga karanasan sa buhay, pinapakita rito ang pag-uunawa sa pagbabago ng buhay ng tao.

Lumitaw parin ang dekonstruktibong pananaw sa karanasan sa buhay sa kantahing-bayan na "Paabutang Kadlawon" binigyang pansin ang nangingibabaw na pananaw ng mga tagatugon na puno ng hirap at sakit ang buhay. Makikita ito sa mga linyang:

*Luha, luha da gyuy kadangpan (Linya 6).*

*Kay nagun-ob na ang langit mo*

*Kay ala-ot man ang kangi-ob ug*

*ka ngit-ngit (Linya 8-9)*

Nagsasalaysay sa sakit na nararamdaman ng tao, tanging ang pag- iyak na lamang ang magagawa dahil sa hirap ng buhay, ang hindi kanais-nais na kadiliman na lamang ang naroon. Dahil sa hirap ng buhay ay sa tuwing maririnig ang kantahing-bayan ng mga tagatugon ay napapaiyak na lamang sila. Ayon sa T2, *Lipay-lipay lang unya lami e hilak, hilak nalang sa tago.* Para naman kina T1 at T10, *Nagpahinumdum kini sa kasakit* (T1), at *mobalik nato ang naagiang kasaki*t (T10). Makikita sa mga pananaw na hindi madali ang pamumuhay mayroon ang mga Sebwano, mahirap ang kanilang mga karanasan at nagpapasakit sa kanilang damdamin ang sitwasyon kinabibilangan. Nagiging paraan ng pagpapahayag ng damdamin ang kanta sa mga pangyayari sa buhay ng mga Sebwano. Ayon kay Reimer, ang organisasyon ng mga musikal na tunog ay palaging may potensyal na kunin ang damdamin at imahinasyon ng tao (23).

Sa kabuoan, nangingibabaw na pananaw ang ukol sa karanasan sa buhay, tatlo sa sampung kantahing-bayan ang nakitaan ng ugnayan sa pananaw ng mga tagatugon. Karamihan sa pananaw ng mga tagatugon sa mga kantahing-bayan na nakalap ay nauugnay sa kanilang mga karanasan sa buhay na kung saan nakikita nila ang kanilang sariling sitwasyon sa buhay o iniuugnay nila ang kanilang sariing mga karanasan sa kanilang kantahing-bayan.

## 5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang konklusyon na ang mga kantahing-bayan sa Katimugang Cebu ay sumasalamin ng tinig-kultural sa pamumuhay ng mga Sebwano na masisilayan sa kanilang paniniwala, karanasan, tradisyon, asal at gawi. Ito ang humuhubog sa mga Sebwano sa pang-araw-araw na pakikipagsapalaran sa buhay anumang sitwasyon ang kanyang kinabibilangan. Para sa pagpapayaman ng pananaliksik, nirekomenda na aralin ang imahen ng kulturang Sebwano na nakapaloob sa mga piling awitin. Napag-alaman ng mga mananaliksik na sadyang bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga Sebwano ang pagkahilig sa awitin na kung saan nakapaloob ang uri ng kanilang pamumuhay. Hinuhubog ang mga Sebwano ng kanilang mga kantahing-bayan, dahil ito ay naglalaman ng karanasan, tradisyon, asal at gawi, kultura, pagpapahalaga, at pananaw sa buhay ng mga Sebwano. Sa madaling-sabi, ang kantahing-bayan ng mga Sebwano ay nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan. Masasalamin ito sa sinabi ni Udaya, sa pagbuo ng mga musika, nakaangkla sa mga awitin ang buhay ng isang tao gaya ng kanilang mga karanasan, mga emosyon at mga sentimyento sa kadahilanan na ang mga musika ay nagpapakita sa pagkakaugnay nito sa isa't isa na siyang binibigyan ng mga pag-unawa patungkol sa mga katutubong pagkakakilanlan (1). Dagdag pa ni Felisilda na may pangangailangan sa pagsaliksik sa mga rural na imahe na inilalarawan sa mga kantahing-bayan ng Pilipinas

upang mapatatag ang kaalamang kultura sa mga mag-aaral at guro (52).

***Pagkilala*** **-** Ang papel ay nabuo bilang kahingian ng di-graduwadong pag-aaral sa Kolehiyo ng Kultura, Sining at Isports, Cebu Normal University.

## 6. References

"Republic Act 7356." National Commission for Culture and the Arts. GOVPH. Web. Retrieved from 30 Oct. 2018. www.ncca.gov.ph/republic-act-7356/

Boo, Jung Min. "Still point and symbolic process in sand play therapy in Tanguay, D (Chair), Finding the still point at the crossroads." Symposium conducted at the meeting of the International Society of Sand play Therapy (ISST), Ottawa, convention center. 2015. Web. 07 March 2022.

Brault, Annabelle. "Folk Music: Definitions and Background." *Music Therapy Student University of Windsor.* Dec (2012). Web. www.wfmt.info/2012/12/22/

Cabajar, Noelma. "Kalagahan at Uri ng Pagpapahalaga." Slideshare A Scrb. November (2018). Web. https://www.slideshare.net/ NoelmaCabajar1/ kahalagahan-at-uri-ngpagpapahalaga-

D'Erric, Francesca and Isabella Poggi. "The mental ingredients of Bitterness." *Journal on Multimodal User Interfaces.* 2010. Web. https:// www.researchgate.net/ publication/226273660_ The_mental_ingredient_of_Bitterness

Elliot, David. "Key concepts in multicultural music education." *International Journal of Music Education,* 13, (1989): 11-18. Web.

Eslit, Edgar R. "Filipino Folklore Revisited." ResearchGate. 12 Nov. 2013. Web.www.researchgate.net/publication/321016717_Filipino_Folklore_Revisited.

Felisilda, Violeta. "Rural Life Imagery Representations in Selected Folk Songs." Journal Sampurasun: Interdisciplinary Studies for Cultural Heritage [Online], 2.2 (2016): 158. Web. 07 March 2022.

Gutierrez, Maria Colina. "The Cebuano Balitao and How it Mirrors Visayan Culture and Folklife." About Philippines. Web. 22 Sep. 2021. www. About philippines.org /

Hechanova, Ma Regina M. "Katatagan A Resilience Program for Filipino." Psychological Association of the Philippines. May 2015. Web. https:// www.scribd.com/ document/

Lagahid, Philip Albert and Nera Mae Puyo. "Sugbuanong' Taras: A Glimpse of Cebuano Personality." *Philippine Journal of Psychology*. 49 (1), (2016): 73-94. Web.

Lippman, Edward Arthur. Symbolism in Music. Oxford University Press. Vol. 39, No.4 (Oct., 1953), pp. 554-575.

Nnamani, Sunday. The Importance of Music in the Cultural Policy of Nigeria: A Focus on Selected Igbo Folk Songs. Vol-4, Issue-1. Department of Fine and Applied Arts/Music, Faculty of Humanities, Federal University. Abakaliki, Ebonyi state, Nigeria, 2019. Web.

Reimer, Bennett. "Music Education in our Multimusical Culture." *Music Educators Journal,* 79(7), (1993): 21-26. Web.

Udaya, Eman. "Shaping Indigenous Identity, The Power of Music." *Faculty of Humanities, Social Sciences and Education. UiT- The Arctic University of Norway*. May 2017. Web.

Vegafria, Lianne Grace J. and Maria Luz D. Calibayan. "Cultural Values Reflected on Folk Songs of Arumanen Manobo in Barangay Renibon, Pigcawayan North Cotabato, Philippines." *Asia Pacific Journal of Education Arts and Sciences*. Vol. 3 No.4, (2016): 76-84. Web.